International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 1 | 2025

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 81-90

# Skills in Speaking Filipino as a Second Language in the Development of Interactive Strategies for Natural, Active and Proficient Speakers (SIKLAB)

**APRIL JOY H. GERONIMO**
Edwards National High School
apriljoy.hunas@deped.gov.ph

**GRACELYN C. ALTAYA, EdD**
Sultan Kudarat State University
gracelynaltaya@sksu.edu.ph

## Abstract

The proficiency in speaking Filipino as a second language is an essential aspect of communication, particularly in the context of globalization and a multilingual country like the Philippines. The ability to communicate effectively is a crucial asset that individuals should possess, as it opens opportunities for personal and professional development. This study aims to assess the speaking proficiency of Grade 11 students at Edwards National High School and identify the challenges they face in speaking Filipino as a second language. The study explores speaking errors such as pauses, repetition, stuttering, and grammar usage issues. Using a descriptive-developmental method, the study was conducted with 47 Grade 11 students to evaluate their proficiency in Filipino and develop a speaking session to enhance their skills. Based on the data, students showed the highest proficiency in appropriateness, while the lowest was in grammar usage. Overall, the results indicate a fair level of proficiency in speaking Filipino as a second language. The most common errors observed were silent pauses, followed by pauses with sound, stuttering, repetition, and self-correction. In validating the program SIKLAB, the lowest level was in the "Participant" category, but overall, the SIKLAB program was found to be highly valid. Additionally, the program was highly acceptable, with a positive response. The results suggest that the SIKLAB program can be used as an intervention to improve the speaking proficiency of students in Filipino as a second language, addressing identified issues and enhancing their overall communication skills.

## INTRODUCTION

Ang kasanayan sa pagsasalita ay isang mahalagang aspekto ng komunikasyon na naglalaro ng kritikal na papel sa pag-unlad ng isang indibidwal, hindi lamang sa lokal na antas kundi pati na rin sa global na konteksto. Sa buong mundo, ang kakayahan sa epektibong pagsasalita sa iba't ibang wika ay kinikilala bilang isang pangunahing kasanayan na nagpapahusay sa mga pagkakataon sa edukasyon, trabaho, at interkultural na pakikipag-ugnayan.

Sa global na konteksto, ang kahusayan sa pagsasalita ng isa o higit pang mga wika ay itinuturing na isang mahalagang asset na maaaring magbukas ng mga pinto sa mas malawak na oportunidad, tulad ng paglahok sa pandaigdigang merkado at pakikisalamuha sa iba't ibang kultura. Halimbawa, ang pagiging bilingguwal o multilingguwal ay madalas na nauugnay sa mas mataas na antas ng kognitibo at panlipunang kakayahang umangkop at kakayahang umunawa ng iba’t ibang kultura (Garcia & Wei, 2014). Sa maraming bansa, ang mga programa sa edukasyon ay nakatuon sa pagpapalakas ng kasanayan sa pagsasalita upang matiyak na ang mga estudyante ay hindi lamang magiging matagumpay sa lokal na antas kundi handa rin sa mga hamon at oportunidad ng malawak na mundo na may pagkakaugnay.

Ang ganitong pandaigdigang pananaw ay may direktang epekto sa pagsasanay ng kasanayan sa pagsasalita ng Filipino, lalo na sa konteksto ng multilinggwal na bansang Pilipinas. Habang ang Filipino ay nananatiling pangunahing wika ng komunikasyon sa bansa, ang globalisasyon ay naglalagay ng hamon at oportunidad para sa mga Pilipino na maging bihasa sa kanilang sariling wika habang natututo rin ng iba pang mga wika (Martin, 2019). Ang epektibong pagsasalita ng Filipino, samakatuwid, ay hindi lamang mahalaga para sa pagpapanatili ng kultural na identidad ngunit pati na rin sa pag-angkop sa mga pangangailangan ng

global na lipunan.Ang Filipino ay itinuturing na pambansang wika ng Pilipinas at mahalagang aspeto ng pagkakakilanlan ng bawat Pilipino. Sa paglipas ng panahon, ang paggamit ng Filipino sa iba't ibang larangan tulad ng edukasyon, media, at iba pang mga komunikasyon ay patuloy na umuunlad. Gayunpaman, sa kabila ng pagiging opisyal na wika, nananatili pa ring hamon ang pagkakaroon ng mataas na antas ng kasanayan sa pagsasalita ng Filipino, lalo na sa mga kabataang mag-aaral. Ang kasanayan sa pagsasalita ng Filipino ay mahalaga hindi lamang para sa mabisang pakikipagkomunikasyon kundi pati na rin sa pagpapaunlad ng kultural na identidad at kaalaman (Gloria, 2021).

Ayon kay Poloyapoy (2018), ang Filipino ay madalas na natutuhan bilang isang pangalawang wika sa paaralan, at ang pagkalantad ng mga mag-aaral dito ay limitado kumpara sa kanilang paggamit ng hiligaynon sa tahanan at komunidad. Dahil dito, maraming kabataan ang nagkakaroon ng kakulangan sa kumpiyansa at kasanayan sa pagsasalita ng Filipino, lalo na sa mga sitwasyon na nangangailangan ng pormal na komunikasyon. Ang kakayahan sa paggamit ng Filipino sa pagsasalita ay nananatiling isang hamon sa maraming mag-aaral sa Pilipinas. Ayon kay Bautista (2020), bagama't ang Filipino ay opisyal na wika at ginagamit sa iba't ibang larangan tulad ng edukasyon, marami pa rin sa mga mag-aaral ang nahihirapang gamitin ito nang may kumpiyansa at kahusayan.

Sinabi ni De Guzman (2021), na ang mga tradisyonal na pamamaraan ng pagtuturo ng Filipino ay kadalasang nakatuon sa pormal na aspeto ng wika, tulad ng gramatika at pagsusulat, sa halip na sa praktikal na aplikasyon ng pagsasalita. Dahil dito, ang mga mag-aaral ay bihasa sa teorya ngunit kulang sa praktikal na paggamit ng wika sa aktwal na pakikipag-usap. Ito ay nagiging sanhi ng pagkakaroon ng takot at kawalan ng kumpiyansa sa pagsasalita ng Filipino, lalo na sa mga sitwasyong nangangailangan ng impromptu na pagsasalita. Ang kakulangan sa mga pagkakataong magamit ang Filipino sa aktwal na komunikasyon, maging sa loob man o labas ng paaralan, ay nagiging hadlang sa pag-unlad ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsasalita ng Filipino (Reyes, 2018). Ito ay isang seryosong suliranin na nangangailangan ng agarang atensyon upang matiyak na ang mga mag-aaral ay magiging bihasa at may kumpiyansa sa paggamit ng kanilang sariling wika. Ang mga pag-aaral sa paggamit ng pangalawang wika ay nakatuon sa maraming salik na humahadlang sa pag-unlad ng kasanayan sa pagsasalita ng Filipino. Ang limitadong pagkahantad sa wika lalo na sa pangalawang wika ay balakid sa oportunidad upang mas matuto (De Leon, 2023). Dagdag dito, ang mga pag-aaral ay nakasentro sa tradisyonal na metodo ng pagtuturo na mas pinapahalagahan ang gramatika at bokabularyo kaysa sa komunikatibo na kasanayan na nakalilimita sa pagkatuto ng wika (Cruz, 2022). Sa kabila ng mga pag-aaral sa pangalawang wika, may limitatong pag-aaral na nakatuon sa kasanayan sa pagsasalita ng wikang Filipino. Katunayan, walang naisagawang pag-aaral na naglalayong masukat ang antas ng kasanayan sa pagsasalita ng Filipino bilang pangalawang wika ng mga Ilonggo.

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay matukoy ang antas ng kasanayan at suliraning kinakaharap ng mga mag-aaral sa pagsasalita ng Filipino upang maging batayan sa pagbuo ng Programang Sesyon sa Pagsasalita kung saan tutugunan ng pag-aaral ang mga sumusunod na katanungan sa pananaliksik:

1. Ano ang antas ng kasanayan sa pagsasalita ng Filipino ng mga mag-aaral bilang pangalawang wika batay sa katatasan, katumpakan, at paggamit ng balarila;

2. Matukoy ang mga pangunahing suliranin ng mga mag-aaral sa pagsasalita ng Filipino batay sa pagtigil (walang tunog), pagtigil (may tunog), pagkautal, pag-uulit, at pagwawasto ng sarili?

3. Ano ang antas ng balidasyon at pagtanggap ng programang SIKLAB bilang pangalawang wika batay sa rasyonal/tunguhin, target na kalahok, layunin, nilalaman, metodolohiya, estratehiya at kagamitan, awtput at oras o panahon?

## METHODOLOGY

### Disenyo ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng deskriptib-debelopmental na metodo, na nakatuon hindi sa pagtukoy ng ugnayang sanhi at epekto, kundi sa paglalarawan ng kasalukuyang kalagayan o nangyayari sa isang partikular na konteksto (Loeb et al., 2017). Ang deskriptibong metodo ay angkop para sa layuning ito dahil pinapayagan nitong masusing suriin ang antas ng kasanayan sa pagsasalita ng Filipino bilang pangalawang wika. Kasama na rito ang pag-alam sa mga suliranin ng mga mag-aaral, partikular ng mga

Ilonggo, sa kanilang paggamit ng Filipino. Samantala, ang debelopmental na metodo naman ay nakatuon sa pagbuo ng mga kagamitan o programa, na sa kasong ito ay nagresulta sa isang Programang Sesyon sa Pagsasalita. Sa pamamagitan ng metodong ito, malinaw na nailarawan ang kasanayan ng mga mag-aaral at ang mga hamon na kanilang kinaharap, kaya't naging batayan ito sa pagbuo ng mga hakbang para sa pagpapabuti ng kanilang kasanayan sa pagsasalita ng Filipino.

**Mga kalahok ng Pag-aaral**

Ang pangunahing pinagmulan ng datos sa pag-aaral na ito ay limampu't tatlong (47) mag-aaral na Ilonggo mula sa Baitang 11 ng Edwards National High School. Napili ang mga mag-aaral mula sa Baitang 11 dahil sa mababang antas ng kanilang kasanayan sa pagsasalita ng Filipino, batay sa resulta ng kanilang performance task noong 2024. Ang mga respondente ay pinili ayon sa mga tiyak na pamantayan upang matiyak na ang mga ito ay magiging angkop na kinatawan ng populasyon. Kasama lamang sa pag-aaral ang mga mag-aaral na opisyal na nakatala sa paaralan, kasalukuyang kumukuha ng asignaturang Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino, at handang lumahok sa mga aktibidad ng pag-aaral. Hindi isinama ang mga mag-aaral na hindi bahagi ng Baitang 11, hindi kumukuha ng nasabing asignatura, hindi opisyal na nakatala sa paaralan, o hindi nagbigay ng pahintulot upang makilahok. Ang Talahanayan 1 ay nagpapakita ng komposisyon ng mga respondente ayon sa kanilang strand, kung saan ang kabuuang populasyon ay binubuo ng 47 mag-aaral mula sa iba't ibang strand tulad ng STEM, ABM, HUMMS, CSS, BPP, ACP, at EIM.

**Instrumento ng Pananaliksik**

Ang rubrik na ginamit sa pagtukoy ng antas ng kasanayan sa pagsasalita ay halaw sa Occupational English Test (2018) at ang batayang panukat na ginamit ay mula sa *Common European Framework of Reference for Language o CEFR* (2018). Isinalin lamang sa Filipino subalit walang pagbabago sa nilalaman kaya nagtataglay ito ng balidíti.

Samantalang ang rubriks na ginamit para matukoy ang antas ng balidasyon ng programang sesyong mabubuo ay halaw sa *Professional Development Program Design Quality Assurance ng Department of Education (2023),* at ang antas ng pagtanggap ng naturang programang sesyon ay sumailalim sa balidasyon upang matiyak ang pagiging masusi nito.

Anim na tagapagbalido ang pinili, na nakapagtapos sa hindi bababa sa Master's Degree at kailangang nagtuturo ng mga asignaturang may kinalaman sa pagsasalita partikular na sa Senior High School. Ginamit ng mananaliksik ang *Content Validity Index* upang matukoy ang balidíti ng rubrik sa antas ng pagtanggap ng programang sesyon. Ang nakuhang Content Validity Index na 1 ang instrumento sa antas ng pagtanggap na nangangahulugang balido ang instrumenting ito.

**Talahanayan 1. Batayang Panukat sa Antas ng Kasanayan sa Pagsasalita ng Filipino**

| Scale | Mean Range | Deskripsiyon | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 5 | 4.20-5.00 | Mataas na Kasanayan | Napakahusay sa pagsasalita, may malawak na bokabularyo at kakayahan sa pagpapahayag ng mga kumplikadong ideya. |
| 4 | 3.40-4.19 | Ganap na Kasanayan | Maayos magsalita, ngunit may mga pagkakataong nagkakaroon ng kaunting kahirapan sa pagpapahayag. |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 3 | 2.60-3.39 | Katamtamang Kasanayan | Kayang magsalita ngunit may ilang kahirapan sa pagbuo ng mga pangungusap o pagpapahayag ng ideya. |
| 2 | 1.80-2.59 | Mababang Kasanayan | May kakayahan ngunit maraming pagkakamali at hindi maayos ang daloy ng pagsasalita. |
| 1 | 1.00-1.79 | Halos walang kasanayan | Hindi kayang magsalita magsalita ng malinaw o magpahayag ng mga ideya. |

**Talahanayan 2. Batayang Panukat sa Antas ng Balidasyon ng Programang SIKLAB**

| Scale | Mean Range | Interpretasyon | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| **5** | 4.20- 5.00 | Lubos na balido | Ang programa ay nakakatugon nang ganap sa lahat ng itinakdang pamantayan. Walang nakitang pagkukulang o kahinaan at maaring epektibong makakapaghahatid ng mga inaasahang resulta. |
| **4** | 3.40 – 4.19 | Balido | Ang programa ay halos perpekto, bagamat mayroong ilang maliliit na aspeto na maaaring mapabuti pa. Ang mga kahinaan ay hindi nakaaapekto sa pangkalahatang bisa at kalidad ng pagsasanay. |
| **3** | 2.60 – 3.39 | Katamtamang balido | Ang programa ay may balanseng lakas at kahinaan. Bagamat epektibo ito sa ilang aspeto, may ilang bahagi na nangangailangan ng malalim na rebisyon o pagpapahusay upang ganap na matugunan ang layunin ng programa. |
| **2** | 1.80 – 2.59 | Hindi gaanong balido | Ang programa ay may mga seryosong kahinaan na nakaaapekto sa bisa nito. Bagamat may ilang positibong aspeto, hindi nito lubos na natutugunan ang mga pamantayan at layunin ng programa. |
| **1** | 1.00 – 1.79 | Hindi balido | Ang programa ay hindi epektibo o naaayon sa mga itinakdang layunin at pamantayan. Ang disenyo, nilalaman, at proseso ay hindi maayos, at hindi ito nakapaghahatid ng inaasahang resulta. Kailangan ng kabuuang rebisyon o muling disenyo. |

**Talahanayan 3. Batayang Panukat sa Antas ng Pagtanggap ng Programang SIKLAB**

| Scale | Mean Range | Deskripsyon | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| 5 | 4.20- 5.00 | Lubos na katanggap-tanggap | Ang Programang Sesyon ay lubos na katanggap-tanggap at lumagpas sa kinakailangang pamantayan |
| 4 | 3.40 – 4.19 | Katanggap-tanggap | Ang Programang Sesyon ay katanggap-tanggap at tumutugon sa kinakailangang pamantayan. |
| 3 | 2.60 – 3.39 | Katamtamang katanggap-tanggap | Ang Programang Sesyon tumutugon sa itinatag na pamantayan. |

| | | | |
|---|---|---|---|
| 2 | 1.80 – 2.59 | Bahagyang katanggap-tanggap | Ang Programang Sesyon ay hindi ganap na tumutugon sa pamantayan. |
| 1 | 1.00 – 1.79 | Hindi katanggap-tanggap | Ang Programang Sesyon ay malaki ang kakulangan sa pagtugon sa pamantayan. |

**Proseso sa Pangangalap ng Datos**

Sa pagsasagawa ng pag-aaral, nagsimula ang mananaliksik sa pagkuha ng pahintulot mula sa Sultan Kudarat State University-Graduate School (Ang Karugasik, 2016). Pagkatapos nito, nagpadala ng liham sa Division Office ng South Cotabato upang humiling ng permiso para sa pag-aaral. Nakipag-ugnayan din ang mananaliksik sa punongguro at mga guro ng Filipino upang makipagtulungan sa pagtukoy ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasalita ng Filipino bilang pangalawang wika.

Isinama sa pag-aaral ang mga mag-aaral na nasa Baitang 11 na kumukuha ng asignaturang Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino. Ang mga proseso sa pangangalap ng datos ay isinagawa ayon sa isang organisadong iskedyul upang hindi makaapekto sa klase. Ang mga impromptu ay inirekord gamit ang *audio recording* upang matiyak ang katumpakan ng datos.

Ang mga nakalap na datos ay sinuri upang tukuyin ang antas ng kasanayan sa pagsasalita at mga suliranin ng mga kalahok. Batay sa pagsusuri, bumuo ng isang Programang Sesyon sa Pagsasalita na dumaan sa balidasyon ng mga eksperto sa pagtuturo ng wika upang matiyak ang kalidad nito. Sinundan ito ng pagtatasa sa pagtanggap ng mga guro upang matukoy ang epekto at kahalagahan ng programa.

**Istatistikal Tritment**

Ang mga datos na nakuha ay sumailalim sa istatistikal na pagsusuri gamit ang mean at standard deviation upang matukoy ang antas ng kasanayan sa pagsasalita ng Filipino at ang balidasyon ng programa. Ang mean ay tumukoy sa pangkalahatang antas, habang ang standard deviation ay nagpakita ng pagkakaiba-iba ng kasanayan (Field, 2018). Ginamit din ang frequency count at percentage upang ilarawan ang mga suliranin sa pagsasalita ng Filipino, kung saan ang frequency count ay nagpakita ng bilang ng obserbasyon at ang percentage ay nagbigay ng proporsyon ng kabuuang populasyon (Creswell & Creswell, 2017).

## RESULTS AND DISCUSSION

**Antas ng Kasanayan sa Pagsasalita ng Filipino ng mga Mag-Aaral Bilang Pangalawang Wika**

Sa bahaging ito, ipinakita ang antas ng kasanayan sa pagsasalita Filipino ng mga mag-aaral bilang pangalawang wika batay sa katatasan, kaangkupan, at paggamit ng balarila sa Edwards National High School.

**Talahanayan 4. Antas ng Kasanayan sa Pagsasalita ng Filipino ng mga Mag-Aaral Bilang Pangalawang Wika Batay Kaangkupan, Katatasan at Paggamit ng Balarila**

| Mga Indikeytor | Mean | SD | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| Kaangkupan | 3.60 | 0.68 | Ganap na Kasanayan |
| Katatasan | 3.55 | 0.78 | Ganap na Kasanayan |
| Paggamit ng Balarila | 3.33 | 0.72 | Katamtamang kasanayan |
| **Kabuoan** | **3.49** | **0.74** | **Ganap na Kasanayan** |

Ipinakikita nito na may maayos na pagsasalita ngunit may kaunting kahirapan sa pagpapahayag partikular na sa paggamit ng tamang anyo ng salita, pagpapanatili ng maayos na daloy ng ideya, maging ang wastong bilis sa pagsasalita. Bukod dito, kailangan ding bigyan ng pansin ang pagpapahusay sa paggamit ng balarila dahil dito nakararanas ng higit na kahirapan sa pagbuo ng pangungusap ang mga mag-aaral. Batay

rito, mahihinuha na kailangan pang pahusayin ang mga kasanayan sa pagsasalita upang maabot ang mataas na kasanayan sa pagsasalita

Ayon kay Ellis (2020), ang kasanayan sa pangalawang wika ay nangangailangan ng patuloy na pagsasanay sa tamang estruktura ng wika upang mapahusay ang katatasan at kawastuhan ng pagsasalita. Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Lightbown at Spada (2019) na ang paggamit ng tamang gramatika sa pagsasalita ay maaaring paunlarin sa pamamagitan ng integrasyon ng eksplisit at implicit na pagtuturo sa loob ng klase.

**Talahanayan 5. Pangunahing Suliranin sa Pagsasalita ng Filipino ng mga Mag-Aaral bilang Pangalawang Wika**

| | Indikeytor | f | % |
|---|---|---|---|
| 1 | Pagtigil(Walang Tunog) | 143 | 42% |
| 2 | Pagtigil (May tunog) | 83 | 24% |
| 3 | Pagkautal | 41 | 12% |
| 4 | Pag-uulit | 39 | 11% |
| 5 | Pagwawasto ng sarili | 37 | 11% |
| | **Kabuoan** | **343** | **100%** |

Makikita sa datos, ang pangunahing suliranin sa pagsasalita ng Filipino ng mga mag-aaral bilang pangalawang wika ay pagtigil nang walang tunog, na may pinakamaraming bilang (42%). Samantalang ang pag-uulit (11%) at pagwawasto sa sarili (11%) ang may pinakakaunting suliranin sa pagsasalita.

Ipinahihiwatig nito na kumakaharap sa lahat ng problema sa pagsasalita ng Wikang Filipino ang mga mag-aaral. Nagkakaroon ng biglaang paghinto kahit magsisimula pa lamang sa pagpapahayag, napapahinto rin sa kalagitnaan, at sa pagwawakas ng kanilang pagpapahayag. Palatandaan lamang ito na ang mag-aaral ay nahihirapan sa pag-iisip kung anong ideya ang susunod na ipapahayag. Ito ay nagpapakita rin maaaring dahil sa kakulangan ng kumpiyansa sa sarili kapag nagsasalita, limitadong kaalaman sa tamang gamit ng wika, o kakulangan sa kasanayan sa pagbuo ng tuloy-tuloy na pahayag at kakulangan mismo ng kaalaman sa paksang pinag-uusapan. Maaari rin itong maiugnay sa pangangailangan ng mas maraming pagsasanay sa paggamit ng Filipino bilang pangalawang wika, pati na rin sa impluwensya ng kanilang unang wika na maaaring nagdudulot ng pag-aalinlangan sa pagpili ng angkop na salita o estruktura ng pangungusap.

Ang resultang ito ay sumusuporta sa natuklasan ni Situros (2021), kung saan natukoy ang anim na uri ng pagkakamali sa pagbuo ng pananalita: paghintong tahimik, pagpuno na paghinto, pag-uulit, hindi naituwid na pagkakamali, pagtutuwid, at madulas na dila. Samantala, ayon kina Derwing at Munro (2019), ang patuloy na pagsasanay sa pagsasalita at paggamit ng mas maraming interaksyon sa target na wika ay makakatutulong upang mabawasan ang mga biglaang pagtigil o paghinto at iba pang palatandaan na walang katatasan sa pagsasalita.

**Talahanayan 6. Kabuoang Antas Ng Balidasyon ng Programang SIKLAB, pasalitang sesyon sa pagsasalita ng Filipino bilang Pangalawang Wika.**

| Mga Indikeytor | Mean | SD | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| Rasyonale | 4.88 | 0.34 | Lubos na Balido |
| Kalahok | 4.25 | 0.75 | Lubos na Balido |
| Layunin | 4.86 | 0.35 | Lubos na Balido |
| Nilalaman | 4.92 | 0.28 | Lubos na Balido |
| Metodolohiya | 4.83 | 0.38 | Lubos na Balido |
| Estratehiya | 5.00 | 0.00 | Lubos na Balido |
| Awtput | 5.00 | 0.00 | Lubos na Balido |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Oras | 4.44 | 0.61 | Lubos na Balido |
| **Kabuoan** | **4.77** | **0.45** | Lubos na Balido |

Malinaw na ipinapakita ng resulta, parehong may mataas na antas ng balidasyon ang estratehiya at kagamitan na nangangahulugan lamang na ang mga ito ay nakatutugon nang ganap sa lahat ng itinakdang pamantayan sa pagbuo ng isang programang sesyon lalo na ang pagkakaroon ng iba't ibang *formative at summative assessment* na siyang susuri sa pag-unlad ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsasalita ng Filipino bilang pangalawang wika.

Dagdag pa na ang mga inaasahang awtput ng SIKLAB ay konkreto at akma upang suportahan ang mga pagtatasang nakabatay sa pagganap ng mga mag-aaral. Samantala, maliban sa pagkakaroon ng mataas na balidasyon ng SIKLAB ay nakitaan pa rin ito ng kaunting kahinaan lalo na sa bahagi ng target na kalahok. Mainam na tiyak na matukoy ang target na mga mag-aaral upang mabigyan sila ng sapat na suporta upang higit na mapataas ang kanilang kasanayan sa pagsasalita sa tulong ng SIKLAB.

Ayon kina Black at Wiliam (2019), ang mahusay na *formative at summative assessment* na mga pagsasanay ay mahalaga sa pag-unlad ng mga mag-aaral, lalo na sa mga programang may layuning palakasin ang kasanayan sa pagsasalita ng pangalawang wika. Nagpapakita ito na ang mga inilaan na gawain at produkto o awtput ng mga mag-aaral ay kongkreto, naaayon sa mga layunin ng sesyon, at makabuluhan bilang paraan ng pagtatasa ng pagkatuto batay kay Wiggins & McTighe (2020).

Maliban dito, sinusuportahan din ang resultang ito ng pag-aaral nina Darling-Hammond et al. (2020), na nagmumungkahi na ang masusing pag-aaral sa propayl ng target na kalahok ay mahalaga upang masigurong naaangkop ang disenyo ng pagsasanay sa kanilang pangangailangan at konteksto. Ang kakayahang umangkop o magbago sa oras at mas masusing pag-aaral sa propayl ng mga kalahok ay maaaring makatulong sa patuloy na pagpapabuti ng SIKLAB (Reynolds & Kearns, 2019).

**Talahanayan 7. Kabuoang Antas ng Pagtanggap ng Programang SIKLAB, pasalitang sesyon sa pagsasalita ng Filipino bilang Pangalawang Wika.**

| Mga Indikeytor | Mean | SD | Deskripsyon |
|---|---|---|---|
| Rasyonale | 4.94 | 0.24 | Lubos na katanggap-tanggap |
| Kalahok | 4.83 | 0.38 | Lubos na katanggap-tanggap |
| Layunin | 4.95 | 0.22 | Lubos na katanggap-tanggap |
| Nilalaman | 4.94 | 0.24 | Lubos na katanggap-tanggap |
| Metodolohiya | 4.91 | 0.28 | Lubos na katanggap-tanggap |
| Estratehiya | 4.92 | 0.28 | Lubos na katanggap-tanggap |
| Awtput | 4.92 | 0.28 | Lubos na katanggap-tanggap |
| Oras | 4.67 | 0.47 | Lubos na katanggap-tanggap |
| **Kabuoan** | **4.89** | **0.30** | **Lubos na katanggap-tanggap** |

Batay sa resulta, ang programang SIKLAB ay lubos na tinanggap ng mga guro na nagtuturo ng Filipino sa sekondarya. Nagpapahiwatig lamang ito na ang nabuong programang sesyon ay katanggap-tanggap at lumagpas sa kinakailangang pamantayan sa pagsasagawa ng programang itinalaga ng DepEd. Ito ay nagpapakita na malinaw at organisado ang mga layuning inaasahang makamit ng mga mag-aaral. Sa kabilang banda, bagama't lubos na katanggap-tanggap, maaaring nagpapahiwatig ng pangangailangang ayusin pa ang iskedyul o itinakdang oras sa bawat sesyon upang mabigyan ng sapat na panahon ang mga mag-aaral sa mas epektibong pagsasakatuparan ng mga itinakdang layunin ng SIKLAB at matiyak na mapaunlad ang kanilang kasanayan sa pagsasalita ng Filipino bilang pangalawang Wika.

Ang resultang ito ay naayon sap ag-aaral nina Anderson at Krathwohl (2019), na nagpahayag na ang mahusay na pagkakabuo ng layunin ay mahalaga sa paggabay ng mga guro at tagapagsanay sa kanilang instruksyonal na pagpaplano at pagtatasa. Sinusuportahan din ng pag-aaral nina Guskey at Yoon (2020), na nagsasabing ang sapat na oras sa pag-unlad ng bawat sesyon ay kritikal sa pagpapalalim ng pag-unawa at aplikasyon ng bagong kaalaman.

## KONKLUSYON

Ang mga mag-aaral ay may magandang kasanayan sa pagsasalita ng Filipino, ngunit may kakulangan sa paggamit ng balarila at nakakaranas ng mga kamalian tulad ng paghinto, pag-uulit,pagwawasto sa sarili at pagkautal. Ang SIKLAB ay napatunayang maaaring gamitin at epektibong programa na may malinaw na layunin, tamang estruktura, at angkop na estratehiya. Tinanggap ito ng mga guro bilang solusyon sa mga suliranin sa kasanayan sa Filipino, na nagpapatunay ng positibong pagtanggap at epekto nito sa pagpapabuti ng kasanayan ng mga mag-aaral.

## SANGGUNIAN


Anderson, L. W., & Krathwohl, D. R. (2019). *A taxonomy for learning, teaching, and assessing: A revision of Bloom's taxonomy of educational objectives*. Pearson.

Antonio, A. (2021). Syntactical Scrutiny: Inaccuracies in the Lesson Planning of Non- Language Pre Service Teachers.

Balog, P., & Gonzales, E. (2021). From Linguistic Landscapes to Teaching Resources: A Case of Some Rural Areas in the Province of Quezon. *International Journal of Arts, Sciences and Education, 1*(2), 23–44.

Banares, A. J. (2022). Reinterpreting Sonnet 18 by William Shakespeare through Stylistic Analysis. International Journal of Arts, Sciences and Education, 3(July Special Issue), 189–204. https://ijase.org/index.php/ijase/article/view/163.

Bangayan- Manera, A. (2020). Writing Without Permission: A Case study on Skinner's Analogy through Vandalism. International Journal of Psychosocial Rehabilitation. 24 (08), 571-578

Bangayan-Manera, A, Vecaldo, R. & Saquing J. (2020). Cultural Structuring of Urok Practices: An Intercultural Communication of Bago Tribe in Kalinga, Philippines. International Journal of Psychosocial Rehabilitation.24 (6), 13193-13217

Bangayan-Manera, A. (2019). Doodle: Towards A Hermeneutical Appreciation in Jacques Derrida's Deconstruction. The Asian EFL Journal. 24 (4.2), 291-204.

Bangayan-Manera, A. (2019). Textual Analysis of School Graffiti. The Asian EFL Journal. 21 (2.3), 273-285.

Bautista, M. L. S. (2020). Ang Wikang Filipino sa edukasyon: Mga hamon at oportunidad. *Journal of Philippine Linguistics, 46*(1), 15–29.

Black, P., & Wiliam, D. (2019). *Inside the black box: Raising standards through classroom assessment*. Routledge.

Creswell, J. W., & Creswell, J. D. (2017). *Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches* (5th ed.). SAGE Publications.

De Guzman, R. F. (2021). Pagsusuri sa mga pamamaraan ng pagtuturo ng Filipino sa mataas na paaralan. *Journal of Language Teaching and Research, 12*(3), 243–258.

De Leon, T. M., Sarona, J., Casimiro, A., Lao, H., Lao, K. A., Pantaleon, C., & Alieto, E. (2023). Writing anxiety among prospective nonlanguage teachers: A quantitative study of a nonmetropolitan state university. *Forum for Linguistic Studies, 5*(3).

Department of Education. (2023). *DepEd Memorandum No. 044, s. 2023: Implementation of the Professional Development (PD) Program Design and Quality Assurance (QA) Mechanism.* Department of Education. Retrieved from https://www.deped.gov.ph

Derwing, T. M., & Munro, M. J. (2019). *Pronunciation fundamentals: Evidence-based perspectives for L2 teaching and research*. John Benjamins Publishing.

Ellis, R. (2020). *Understanding second language acquisition* (2nd ed.). Oxford University Press.

Field, A. (2018). *Discovering statistics using IBM SPSS Statistics* (5th ed.). SAGE Publications.

Garcia, O., & Wei, L. (2014). *Translanguaging: Language, bilingualism, and education*. Palgrave Macmillan. https://doi.org/10.1057/9781137385765

Guskey, T. R. (2020). *Evaluating professional development*. Corwin Press.

Lightbown, P. M., & Spada, N. (2019). *How languages are learned* (4th ed.). Oxford University Press.

Loeb, S., Dynarski, S., McFarland, D., Morris, P., Reardon, S., & Reber, S. (2017). *Descriptive analysis in education: A guide for researchers*. U.S. Department of Education, Institute of Education Sciences, National Center for Education Evaluation and Regional Assistance.

Martins, M. V. (2019). *Martins et al., JSE, 2019. Total*. https://doi.org/10.12957/jse.2019.39308

Poloyapoy, M. T. (2018). Ang Filipino bilang pangalawang wika sa kontekstong katutubo: Ang karanasan ng mga Tboli sa South Cotabato. *Philippine Journal of Indigenous Studies, 4*(1), 65–78.

Reyes, J. A. (2018). Pagsasalita ng Filipino: Mga hamon at solusyon. *Philippine Journal of Education, 93*(2), 112–125.

Reynolds, C., & Kearns, D. (2019). *Flexible learning and student engagement strategies*. Routledge

Situros, J. (2021). *Speech errors in second language learning: A descriptive study on fluency and accuracy*. Language Education Journal, 15(2), 45-60.

Wiggins, G., & McTighe, J. (2020). *Understanding by design* (2nd ed.). ASCD.